



Ano ang Public Charge?

Kapag may isang taong nag-apply para maging ayon sa batas na permanenteng residente o lawful permanent resident (LPR) (para makuha ang kanilang green card), nag-apply para makapasok sa U.S., o kapag ang isang LPR ay muling pumasok sa bansa pagkaraan ng 180 sunud-sunod na araw, isinasaalang-alang ng opisyal ng imigrasyon ang ilang mga salik para matukoy kung ang taong iyon ay magiging aasa ng tulong salapi mula sa gobyerno sa hinaharap; kilala rin bilang isang *public charge*.

Kung may label ang aplikante na "a public charge", tatanggihan ang kanilang application

Noong Oktubre 10, 2018 naglathala ang Department of Homeland Security (DHS) ng mungkahi na baguhin ang mga tuntunin ng public charge. Magdaragdag ang mga pagbabago ng mas matimbang na mga negatibong salik, palalawakin kung sino ang kailangang kumuha ng pagsusuri sa public charge, at palalawakin ang listahan ng mga programa na ibinibilang laban sa aplikante.

Iminumungkahing Mga Pagbabago

Mga benepisyong kasalukuyang isinasaalang-alang	Mga Iminumungkahing Karagdagang Programa	Mga Hindi Isinamang Programa
<p>Cash Benefit na Mga Programa:</p> <ul style="list-style-type: none"> Supplemental security income (SSI) Tulong salapi na mga programa Itinaguyod para sa pangmatagalang pangangalaga na binayaran ng Medicaid 	<p>Non-Cash Benefit na Mga Programa:</p> <ul style="list-style-type: none"> Hindi Pang-emergency na Medi-Cal Mga Food Stamp (Cal-Fresh) Mga Programa ng Tulong sa Pabahay Medicare Part D- Pharmaceutical na Diskwento 	<ul style="list-style-type: none"> Lokal na pinopondohan ng estado na benepisyong hindi salapi na mga programa Tulong para sa mga nasalanta WIC Almusal at Tanghalian sa Paaralan Tulong Enerhiya na mga Programa Mga Pautan sa Mag-aaral Emergency na Medicaid

Posibleng CHIP

Mahalagang Tandaan:

- Ang mga nag-aaply para sa isang green card na may protektadong status ay **HINDI** sasailalim sa pagsusuring public charge; kabilang sa mga ito ang: mga takas, asylee, biktima ng human trafficking, pansamantalang protektado ang status, at special juvenile, bukod sa mga iba pa.
- Ang mga permanenteng residente na ayon sa batas na nag-a-apply para sa kanilang pagkamamamayan ay **HINDI sumasailalim sa** pagsusuring public charge.
- Dapat na isaalang-alang ng isang opisyal ng imigrasyon ang ilang mga salik para gawin ang pagtukoy sa kanila. Maaaring maging mas matimbang ang isang positibong salik kumpara sa negatibong salik.
- ipinanukalang mga panuntunan ay hindi walang bisa sa nakalipas - maaaring walang benepisyong hindi pagpapatala mula sa mga programa ngayon.

Sumali nang walang Takot

Maraming mga programang benepisyong hindi isinama sa pagbibilang sa panahon ng pagsusuring public charge. Kapag ginamit ang mga programang hindi isinama, **HINDI** ka nito gagawing public charge.

Ang paggamit ng mga programang benepisyong mga sinusustentuhan/anak ng aplikante ay **HINDI** ibibilang laban sa aplikante.

Panatiliing nakalista ang inyong anak!



Public Charge

Facts

Dapat na isaalang-alang ng isang opisyal ng imigrasyon ang pangkalahatang sirkumstansya ng isang applicant. **Hindi** maaaring ipagpalagay ng opisyal ng imigrasyon na ang isang tao ay "public charge" batay sa nag-iisang salik. Dapat nilang tingnan ang ilang iba pang mga salik; kabilang ngunit hindi limitado sa: edad, kalusugan, mga kakayahan, at edukasyon kapag ginagawa nila ang kanilang pagtukoy.

Maaaring balansehin ang isang negatibong salik (hal., kawalang trabaho) sa pamamagitan ng isang positibong salik (hal., pagtatapos sa kolehiyo). Hindi karaniwan para sa isang ayon sa batas na

permanenteng residente (LPR) na pauwiin sa sariling bansa dahil sa public charge. Ang mga LPR

ay maaari **LANG**

ipagpalagay bilang isang public charge kung totoo ang sumusunod: naging public charge ang mga ito sa loob ng

unang limang taon ng pagtanggap **AT** ang sanhi ay isang kalagayang umiiral na noong una.

Hindi kasali ang ilang mga imigrante sa isang pagtukoy ng public charge dahil protektado sila ng batas; kabilang dito ang mga takas, asylee, nakaligtas sa human trafficking, nakaligtas sa karahasan sa tahanan (May-ari ng T Visa at U visa), at imigranteng kabataan, bukod sa mga iba pa.

Hindi sasailalim ang mga Lawful Permanent Resident (May-ari ng Green-Card) sa isang pagtukoy ng public charge kapag nag-apply sila para sa U.S. citizenship.

Hindi isinama ang mga estadong pinondohan, at lokal na pinondohan na programa mula sa iminumungkahing mga salik ng pagtukoy na public charge. Ang Contra Costa CARES ay isang programa sa pangangalaga sa kalusugan na lokal na pinondohan at hindi ito isinama sa pagbilang na isang negatibong salik sa panahon ng public charge na pagtukoy.

Pinapayuhan ang mga imigrante na magsumite ng totoong impormasyon sa mga ahensya ng pamahalaan.

Patuloy na ipatutupad ang mga privacy ng pederal at estado na mga batas. Walang programa ng pampublikong benepisyo ang magtatanong tungkol sa status ng imigrasyon ng mga hindi aplikanteng sambahayan.

Iba't iba ang situwasyon ng lahat. Dapat na isaalang-alang ng mga aplikante ang sarili nilang mga kalagayan kapag nagpapasiyang mag-apply para sa mga programa. Ang ilang mga tanong na maaaring itanong ng isang indibidwal sa sarili ay:

- Nakahiwalay ba ang programa sa public charge na pagsusuri?
- Ano ang mga kasalukuyan kong pangangailangan?
- May daan ba ako para sa ayon sa batas na permanenteng paninirahan?
- Hindi ba ako kasama sa pagsusuri ng public charge?
- Ilista ang positibo at negatibong mga salik kung alam mong kailangang mong kunin ang public charge na pagsusuri.